**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**MAY 29, 2020 (11:01 A.M. – 12:18 P.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga, Pilipinas. Ilang araw bago magtapos ang Modified Enhanced Community Quarantine sa ilang mga lugar sa bansa, kasama na ang Metro Manila, inanunsiyo na kagabi ni Pangulong Duterte ang mga lugar na sasailalim naman sa MGCQ at GCQ simula June 1.

**USEC. IGNACIO:** Kaya naman isang oras na makabuluhang diskusyon at mahahalagang impormasyon na dapat malaman ng ating mga kababayan ang muli naming ihahatid sa inyo kasama ang mga kawani at opisyal ng pamahalaan – Ako po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Ako naman po si Secretary Martin Andanar at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Sa naging public address ni Pangulong Duterte kagabi, kaniyang binanggit sa darating na June 1, 2020 ang mga lugar na sasailalim sa General Community Quarantine ay ang mga sumusunod: Metro Manila, Region II, Region III, Region IV-A; kasama diyan ang probinsiya ng Pangasinan at Albay. Mananatili rin sa GCQ ang Davao City

**USEC. IGNACIO:** Samantala ang mga lugar na hindi po nabanggit ay sasailalim naman sa Modified General Community Quarantine o MGCQ.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lamang po makakausap natin sina Joint Task Force Coronavirus Disease Shield Commander, Police Lieutenant General Guillermo Eleazar; Civil Service Commissioner Aileen Lizada; Jennifer Pia Sibug-Las, Commissioner for Central Mindanao - National Commission on Indigenous Peoples; Commissioner Gaspar Cayat ng NCIP.

**SEC. ANDANAR:** Department of Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire; Consul General Paul Raymund Cortes, Philippine Consulate sa Dubai; at makakasama rin po natin sa paghahatid ng mahalagang impormasyon ang mga PTV correspondents mula sa iba't-ibang probinsiya at ang Philippine Broadcasting Service.

**USEC. IGNACIO:** At para naman po sa mga katanungan ng ating mga kababayan, maaari po kayong magpadala ng mensahe sa PTV Facebook page po namin.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, sa ginanap na pilot testing ng 'Balik Probinsya, Bagong Pag-asa' program nitong nakaraang linggo, ang Leyte nga po ang napiling probinsiya na mauna dahil pinahayag nito ang pagiging handa na suportahan ang mga residente. Bukod pa riyan, ayon kay NHA General Manager Marcelino Escalada, may kapasidad din aniya ang probinsiya na makapag-test, detect, isolate, gamutin ang mga suspected o sinumang magkakaroon ng COVID-19. Dagdag pa riyan, ang mga benepisyaryo na pinauwi sa Leyte noong May 20 eh nakapag-comply sa required health certification mula sa LGU at DOH.

Ayon kay Senador Bong Go, marahil nang dahil sa kaibahan ng COVID-19, maaari na ang mga nag-negative sa test ay magpositibo makalipas ang ilang araw. Kaya naman mahalagang sundin ng LGUs ang mga health protocols ganoon din sa mga health facilities ng bansa. Dapat aniya na may kakayahan ang mga pasilidad na makapag-test, trace at makapaggamot ng mga pasyente na mayroong COVID-19.

Binigyang-diin naman ni Executive Secretary Salvador Medialdea na sinisiguro ng BP2 Council na ang mga napauwi sa Leyte ay sumailalim sa protocols mula paalis hanggang sa makarating ng probinsiya.

**USEC. IGNACIO:** Naniniwala naman po si Senator Go na mapapanatili pa rin ang independent foreign policy habang pinatatatag ang ugnayan sa ibang bansa. Ayon sa Senador, sa hakbang na ginagawa ni Pangulong Rodrigo Duterte, hindi lamang aniya mapatatatag nito ang relasyon sa Vietnam, kundi nagtutulungan din ang mga bansa sa ASEAN region para labanan ang COVID-19. Dagdag pa ng Senador, isa sa mga mahahalagang aspeto ng Philippine-Vietnam cooperation ay ang matagalang supply ng bigas sa mababang presyo. Bukod pa riyan, magpapaabot din ng tulong ang Vietnam sa Pilipinas pagdating sa mga supply ng medical equipment.

**SEC. ANDANAR:** Sinang-ayunan naman ni Senate Committee on Health and Demography, Senador Bong Go, ang pahayag ni Pangulong Duterte na hindi muna papayagan ang muling pagbabalik ng physical classes hangga't walang bakuna. Aniya, ayaw naman din sana maantala ang pag-aaral ng mga estudyante ngunit sa ngayon mas prayoridad ang kaligtasan at kalusugan ng mga mag-aaral.

Kaugnay riyan, nanawagan si Senador Bong Go sa sektor ng edukasyon na magkaroon ng mga bagong pamamaraan sa pagtuturo kasabay ang pagsunod sa physical distancing protocols at iba pang minimum health measures na ipinatutupad ng pamahalaan. *[VTR of Sen. Go]*

**USEC. IGNACIO:** Bago tayo tumungo sa ating diskusyon, nais po naming ipaabot ang aming pakikiramay sa buong pamilya ni Senator Joel Villanueva sa pagpanaw po ng kaniyang kapatid na si Mayor Joni Villanueva ng Bocaue, Bulacan. Nakikiramay po kami sa ngalan po ng People's Television Network.

Samantala mula sa studio, muli nating makakasama sa programa ang napakasipag po sa pagseserbisyo na si Joint Task Force Coronavirus Disease Shield Commander, Police

Lieutenant General Guillermo Eleazar. Magandang araw po at marami pong salamat muli sa pagpapaunlak ninyo sa aming programa.

**PLTGEN. ELEAZAR:** Magandang araw Usec. Rocky, pati na rin kay Sec. Martin. Ganoon din po sa lahat ng nanonood at nakikinig sa inyong programa.

**USEC. IGNACIO:** Base po sa naging deklarasyon ni Pangulong Duterte kagabi, sa darating na June 1st po, sasailalim na ang Metro Manila sa General Community Quarantine. Paano ba ito pinaghahandaan ng PNP? At saka mas marami na po ang lalabas na tao ngayon, sigurado po iyon dahil papasok sa trabaho. Papaano ninyo po pinapaigting iyong pagpapatupad ng mga guidelines para po dito sa pagpasok na nga po o pagpapairal ng GCQ?

**PLTGEN. ELEAZAR:** Tama po iyon, at hindi naman po bago itong GCQ; well, not in Metro Manila but simula po noong May 1 marami po tayong lugar outside of Metro Manila na na-downgrade na sa GCQ pati na rin noong May 16. At this coming June nga, ito na ang Metro Manila. So basically from the point of view of the law enforcement, alam po natin na mas marami nang industries ang permitted to operate. Consequently, mas marami mga tao na lalabas na authorized at mga sasakyan lalo na dito sa atin, sa mga highly urbanized areas.

So ang gagawin po natin diyan, ang role pa rin natin is to see to it na only those authorized will be outside. At isa sa puwedeng tingnan natin diyan, iyong mga checkpoint natin, patuloy pa rin po na magsasagawa tayo ng checkpoint operation – lamang, iyan po ay modified na. Kagaya ng sinasabi nga ng ating SILG na si General Año at ang ating Chief PNP, Police General Archie Gamboa, ito po ay hindi na lahat ng sasakyan ay ating itse-check, kung hindi pagdaan doon, kung depende sa discretion ng ating unit commanders on the ground, magtse-check sila for a certain volume and then iri-release nila.

So, but just the same properly pa rin po ang pagtse-check, so that kung mayroong violation doon ay sigurado po na huhulihin natin at sasampahan ng kaso. Dadagdagan din natin itong ating tinatawag na mobile checkpoint, ito iyong pinangungunahan ng Highway Patrol Group na kung saan ay sa Oplan Habol at Oplan Sita nila, puwede silang mag-check ng mga sasakyan. Depende sa discretion ng ating mga pulis, puwedeng magbawas tayo ng fixed checkpoints at mag-adjust tayo sa mga mobile checkpoints. At the same time, ito pong mga permitted establishments na ay ating babantayan sa pakikipagtulungan ng mga internal security officers and personnel ng mga establisyimento na ito.

And of course, itong curfew natin na mandated naman na itutuloy pa rin sa lahat ng level ng ating community quarantine ay patuloy na nandiyan. Salamat sa ating mga LGUs...

**USEC. IGNACIO:** Opo. General, hindi natin maiiwasan na medyo may magtatanong, may malilito nang ilan sa ating mga kababayan dahil mula sa kanilang bahay lalabas na po sila, iyong MECQ at saka iyong GCQ. So papaano ninyo po sisiguraduhin na mahigpit pa rin po na maipatutupad ang social distancing doon po sa mga pampublikong lugar?

**PLTGEN. ELEAZAR:** Yes. Usec. Rocky kagaya ng nabanggit ko nga, ito pong mga establishments kung saan permitted na mag-operate ay nakapaghanda po sila diyan at mayroon silang mga measures kung paano mao-observe itong physical distancing and other minimum requirements. At isa pa, alam po nila kung ilan lamang ang maximum number ng mga customer na puwedeng ipasok. Doon pa lang, malaki at magandang measure na siya; at sa loob siyempre eh dapat sundin pa rin iyong physical distancing.

All of these things po ay pinagtutulung-tulungan ng ating pulis, ng ating LGU at pati na rin po iyong mga establisyimento. Gusto po nating liwanagin na itong pagbaba ng antas ng ating community quarantine lalo na po dito sa Metro Manila, eh hindi po ibig sabihin nito na authorized na tayo na mamasyal, na dalawin iyong ating mga kaibigan at kamag-anak. Remember, iyon pong mga APOR na mga workers pa rin ang authorized na mag-cross sa mga borders dahil sila ay pupunta sa trabaho at uuwi.

Doon po sa iba nating mga kababayan, puwede lang po kayong lumabas kung kayo po ay mag-a-avail ng mga goods and services provided by these permitted establishments, but basically within your locality; hindi pa rin kayo dapat magku-cross sa border. Like in Metro Manila, taga-Caloocan ka, magsya-shopping ka sa Makati pa, hindi po ganoon iyon. Basically, doon pa rin kayo sa lugar ninyo. At iyong mga control points or checkpoints, hindi rin po kayo ia-allow na idaan doon kung kayo ay mamimili o mag-a-avail ng mga ito sa kabilang lugar pa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May katanungan po ang ating mga kasamahan sa trabaho; at ganito rin po ang tanong ng ilang netizens. May tanong po si Joseph Morong ng GMA News, allowed ba daw po ba iyong sinasabi ninyo kanina, iyong provincial bus na magbiyahe kasi may kailangang ipakita na dokumento; at kung may kailangan pong ipakitang dokumento or pass, saan po daw pupuwedeng kunin iyon?

**GEN. ELEAZAR:** Opo. Ang atin pong appropriate agencies like DOTr will be coming up through the IATF ng mga specific guidelines o ano po ba itong mga allowed na transportation. But basically, on reduce capacity, mayroon na pong public transportation.

Ngayon po, ang mag-a-avail niyan siyempre iyong mga authorized persons pa rin. In the case of the workers, pupunta lang po kayo doon, even though magku-cross ng border iyan, kung mayroon naman kayong ID na nagpapatunay na kayo ay bahagi noong establishment na iyon, allowed po kayo.

Pero kung kayo naman po ay, sinasabi nga natin, na lalabas lang dahil bibili ng mga essential goods and services, doon lang po kayo sa lugar ninyo at hindi kayo dapat magku-cross ng border whether in a city, municipality or provincial.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Linawin ko lang, General, para po sa kaalaman nang marami, Ako po ay taga-Quezon City pero ang trabaho ko po ay nasa Makati, so company ID lang po ang ipapakita ko at papayagan na po ako?

**GEN. ELEAZAR:** Usec. Rocky, kahit po noong nasa ECQ pa tayo at naging MECQ ngayon at maging pagpunta natin sa GCQ, kung kayo po ay empleyado ng permitted industries, ID lang po ang kailangan diyan.

But of course, in NCR, kung mayroon kayong rapid pass, better, kasi mas madali. Kung mayroon kayong IATF card, maganda rin. Pero kung wala noon, basic ID na nagpapatunay na kayo ay empleyado ng isang permitted industry – papunta sa opisina at balikan – allowed po kayo noon.

**USEC. IGNACIO:** Mula pa rin po kay Joseph Morong, General. Kung may mga curfew pa rin po ba na at kailangan pa rin ba daw po ng quarantine pass sa GCQ areas like Metro Manila? Ang una niya pong tanong, kung iiral pa rin po daw iyong curfew ngayong nasa GCQ tayo?

**GEN. ELEAZAR:** Nakasaad po Omnibus guidelines na mandated po iyong curfew. At napakaganda naman po ng napakabilis na reaksiyon ng ating mga LGUs, hindi lamang sa Metro Manila kung hindi sa lahat, sa pagpapasa ng kani-kanilang mga curfew; at iyon po ay itutuloy pa rin nila.

So, mga kababayan natin dapat alam ninyo po iyong mga probisyon ng ordinansa ng curfew sa inyong lugar kasi iyan po ay iba't iba sa ibang lugar.

But basically, what is mandated is that mayroon tayong curfew for non-workers during night time. At iyon po ay napakaganda at ang suggestion nga po namin, sa ganang law enforcement, sana po kahit ma-lift ang quarantine natin at maging new normal, habang wala pang vaccine na sinasabi ng ating Presidente, malaking bagay po iyong curfew dahil doon pati na rin po iyong iba nating mga intervention ay nakita po natin na for the past 73 days nitong ating community quarantine kung ikukumpara natin doon sa last 73 days before the quarantine period, bumaba ang krimen ng 59% sa buong Pilipinas – 64% sa Luzon, 56% sa Visayas at 50% sa Mindanao.

At sana po ay—alam naman natin na dumami ang mga tao sa labas so logically puwedeng tumaas nang konti iyan just like what we experienced for the past week or so dahil nagbaba tayo ng status. Pero hindi na aabot iyan doon sa gaya nung dati before quarantine dahil mas marami na tayong intervention na natutunan natin dito sa ating quarantine period.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin ng taumbayan, General, iyon daw pong mga stranded sa probinsiya, kung puwede na daw pong bumalik sa Manila and vice versa? Iyong travel pass, marami rin daw pong nakapila for PCR test. Parang ang sinasabi nila, nagiging counterproductive daw po ito.

**GEN. ELEAZAR:** Alam ninyo, basically po kasi, kung kayo ay nasa probinsiya at kayo ay bahagi na nitong permitted industries na bubuksan come June, considered na APOR na kayo. And so your ID and certificate of employment is enough for you to travel.

Pero kung kayo po ay tinatawag natin doon sa programa na locally stranded individual *[LSI]*, hindi kayo APOR pero gusto ninyong umuwi sa inyo, pagbibigyan po kayo ng one-way travel authority. Lamang ang kailangan niyan ay makakuha kayo ng medical clearance certificate galing sa LGU health office. Tutulungan kayo ng barangay, pumunta kayo diyan. At kapag mayroon na po kayo nitong medical certificate, puwede po kayong pumunta doon sa barangay din or dumiretso na sa help desk ng pinakamalapit na police station. Kasi police din naman po, through the Joint Task Force COVID Shield, ang mag-iisyu ng travel authority.

So pagdating po doon, iiwan ninyo ang medical certificate, may konting katanungan at kayo po ay uuwi na at tatawagan na lang kung ano ang magiging resulta.

Ang gagawin ng help desk sa police station, they will contact the LGU destination through the chief of police or police station ng destination. Alam ninyo po mayroon kaming cellphone issued sa amin ng PNP na sa cellphone na iyon, lahat ng mga police stations nationwide is puwede naming tawagan nang diretso. So tatawag po kami doon, ku-coordinate ngayon sa LGU para ipagbigay-alam.

You know, the LGU cannot deny the entry ng kanilang mga kababayan. But due to courtesy na sinasabi ng ating SILG, dapat ipagbigay-alam sa kanila iyon para makapaghanda rin sila. They can delay actually dahil kung doon sa carrying capacity ng kung mayroon silang mga quarantine protocol doon, puwedeng i-request na ma-delay muna iyon. But basically after that, ito pong help desk natin sa police station, sila na ang mag-aasikaso kung ito po ay aaprubahan ng level niya, kung within the province. Kung ito naman po ay pupunta outside na province but within the region, the provincial director ang issuing authority; at kung outside the region will be the regional director.

Pero iyong help desk natin, siya na po ang mag-aasikaso noon, not the LSI.

At kapag nakuha ngayon itong travel authority, tatawagan itong LSI at sasabihin na puwede nang pick-apin (pick-up) or kung hindi naman puwedeng i-send online through Viber itong travel authority na puwedeng gamitin with the medical certificate papunta sa kaniyang uuwian. Iyan po iyong programa ng ating pamahalaan para po dito sa mga locally stranded individual.

**SEC. ANDANAR:** May katanungan po, General, ang ating netizen: Under GCQ, puwede na bang mag-angkas sa motor ang mag-asawa?

**GEN. ELEAZAR:** According po doon sa guidelines na binigay sa atin ng Inter-Agency Task Force at ang Joint Task Force COVID Shield naman po ay nag-i-implement, sa ngayon po ay hindi pa. Well, una, violation talaga sa physical distancing. And siguro po wini-weigh nila iyong pros and cons, at sa ngayon, hindi pa po pupuwede kahit sino po, kahit pulis ay hindi dapat nag-aangkasan. So isa lang po ang puwedeng sasakay sa motorsiklo sa ngayon.

**SEC. ANDANAR:** Kamakailan ay nagbigay ng order ang DILG na magkaroon ng help desk sa mga police stations para sa mga stranded individuals. Kumusta na po ito?

**GEN. ELEAZAR:** Maganda po iyong nangyari po dito kasi nga lahat ng ating police stations sa direktiba ng ating Chief PNP is mayroong help desk. Kagaya ng paliwanag ko kanina, sila na po ang mag-aasikaso ng travel authority ng ating locally stranded individual. Pumunta lang po kayo doon—at dahil ito naman pong help desk na ito is coordinating also with the DILG counterpart natin pati na rin po doon sa pupuntahan nila. Sila na po ang mag-aasikaso ng lahat ng ito at iimpormahan na lang kayo ng resulta.

Lamang ay dapat po nandoon iyong patience ninyo. Tandaan po natin, mayroong prosesong ginagawa ito. Pero tumutulong na po diretso ang PNP, pinaiikli, pinadadali para mabigyan natin ng serbisyo ang ating mga kababayan dahil kami rin naman po ang mag-a-approve ng authority might as well pakialaman na namin ito para mapabilis ang proseso.

**SEC. ANDANAR:** Para naman sa mga motorist. Hindi pa rin nakakapag-renew ng kanilang rehistro, papayagan na po ba ito sa mga checkpoints?

**GEN. ELEAZAR:** Hindi po sila nakapag-renew dahil po sa ating sitwasyon ngayon at ang narinig naman natin is magkakaroon ng extension – iyon po ay irirespeto o igagalang ng ating mga pulis sa checkpoint. Naiintindihan po nila iyon that that is beyond the control po ng ating mga motorista.

**USEC. IGNACIO:** General, alam ninyo, kahit June 1st po nasa GCQ na tayo pero iyong iba po ay mayroong magpapatupad ng localized lockdown. Pero ano daw po ang magiging role ng PNP dito?

**GEN. ELEAZAR:** Iyan po ang magandang set up ng ating bagong guidelines na ibibigay kasi while it is true na partially we are re-opening the economy, pero mayroon po tayong targeted or focused lockdown sa mga maliliit na komunidad or mga zone.

Ang role ng pulis, siguraduhin na matutupad iyong mga guidelines para sa ECQ or iyong tinatawag nating lockdown. Only the frontliners, the health workers and the police can access that, or of course, iyong basic needs depende na rin po doon sa assessment ng LGU, puwedeng ibigay sa kanila at i-serve na lang doon. Ang pulis po natin ay nandoon para tumulong na matupad ang mga protocols and guidelines para sa lockdown na ito.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, General Eleazar. Mayroon po ba kayong mensahe sa ating taumbayan?

**GEN. ELEAZAR:** Ini-expect natin na dahil marami nga ang allowed is, maraming mga kababayan natin ang lalabas. Tandaan po natin, hindi ibig sabihin na kayo po ay allowed, eh lalabas na kayo. Eh kung wala naman po kayong gagawin, sa bahay na lang tayo. Kung tayo po ay lalabas at makikipagsabayan, chances are puwede po kayong mahawa or makahawa.

Sayang naman ang pinuhunan natin for the past 76 days nitong ating community quarantine. Ang panawagan po natin, kung wala po kayong gagawin naman ng napakahalaga, stay home para makatulong sa ating programa. Maraming salamat po.

**SEC. ANDANAR:** Kaugnay naman sa muling pagbubukas ng mga government offices, makakausap natin sa puntong ito si Commissioner Aileen Lizada ng Civil Service Commission. Magandang araw po sa inyo, Commissioner.

**CSC COMM. LIZADA:** Magandang araw po, Secretary Andanar at saka kay Usec. Rocky at sa lahat po, magandang umaga.

**SEC. ANDANAR:** It's good to see you once again, Commissioner. According to CSC guidelines overtime payment shall be given to skeleton workforce na pumasok on top of the hazard pay – tama po ba ito?

**CSC COMM. LIZADA:** Sir, can you repeat, sir. Medyo, you are coming in not well, sir.

**SEC. ANDANAR:** Ang sabi po ng CSC sa guidelines nito, iyong overtime payment shall be given to skeleton workforce na pumasok on top of the hazard pay, ito po ba ay tama, accurate po ba ito?

**CSC COMM. LIZADA:** Sir, ang dinig ko po sa question ninyo is overtime pay plus hazard pay. So, let me work on that. Let us qualify, first sir. Hazard pay is given to: 1. all those mandated to receive hazard pay under the law, ito po iyong public health workers and iyong PNP, AFP mayroon po; 2. But those who did skeleton workforce po ever since March 16, they are entitled to hazard pay, pero kapag nag-GCQ na po tayo wala na pong hazard pay; 3. Hazard pay is only given during ECQ outside of those entitled for hazard pay. Yes, they are entitled to overtime pay sir kung pinapa-report din sila sa holiday. I hope you were able to receive this clearly.

**SEC. ANDANAR:** Yes, ma'am, loud and clear. Mayroon po bang specific amount ng financial assistance or premiums sa mga nga skeleton workforce para sa mga empleyado at contract of service workers sa gobyerno?

**CSC COMM. LIZADA:** Sir, putol-putol iyong pasok ninyo. What I am hearing is, is there an amount for payment or a formula. Sir, based on the guidelines given by DBM, ang hazard pay po for those who are involved as frontliners na hindi po sila public health worker po, there is a formula given by DBM, sir. Likewise, kami sa CSC, we are following the formula ng DBM sir, regarding hazard pay. As to overtime pay sir, it is commensurate to the number of hours over iyong trabaho po noong isang kawani ng gobyerno to the required number of hours, sir

**SEC. ANDANAR:** Sa darating po na Lunes, inaasahan ang muling pagbubukas ng government offices at services. Paano natin sinisiguro ang kaligtasan at proteksiyon ng mga manggagawa na magbabalik sa kanilang trabaho?

**CSC COMM. LIZADA:** Unang-una, to all head of agencies, hindi po ibig sabihin na GCQ or modified GCQ ibig sabihin wala ng virus, mayroon pa rin ho. It's just the limitation/leniency on the movement and leniency on transportation, but the virus is still there. So to all heads of agencies please senior citizens, pregnant women, those with a comorbidities kailangan pong work from home po iyan sila; Hindi po tayo in full force pag nag-GCQ or MGCQ po tayo; Still mayroon din po tayong alternative work arrangements.

Siguraduhin po natin, if you have flu like symptoms do not report for work, consult your doctor; Follow the return to work interim guidelines set up by DOH; Doon heads of agencies please ensure that you have sanitized your respective work places, not only the work places, facilities and iyong mga sasakyan po kasi magsa-shuttle po tayo; Please wear the mask required and then iyong ating regular hand washing and then iyong sanitation stations po natin; All these mga PPEs to be provided po by the different agencies.

This is under the joint memorandum circular ng DOH, DOLE and CSC on occupational standard for the public sector, sir.

**USEC. IGNACIO:** Commissioner, ngayon pong nahaharap pa rin po tayo sa banta ng COVID-19. Nagkaroon po ba ang Civil Service Commission ng iba't-ibang sets of alternative working arrangement na talagang dapat sundin ng government agencies – iyong kaunti pong detalye bigyan ninyo kami dito, Commissioner?

**CSC COMM. LIZADA:** Okay, under MC#10 po, CSC has provided 5 alternative working arrangements.

1. Work from home
2. Skeleton or skeletal work force
3. Compressed work week
4. Staggered working hours
5. Other alternative work arrangements po.

These are still in place. Huwag po ninyong ipa-100% ang mga empleyado sa darating na June 1, kasi MGCQ or [unclear]. Let the formula be based on physical distancing pa rin, ingat pa rin po tayo. Hindi po ibig sabihin na MGCQ or Modified ECQ ay ipapalabas po natin iyong ating mga workforce in full force, hindi ho. The virus is still there, wala pa hong vaccine. Ang ginagawa lang ng CSC is, we are giving the heads of agencies a leeway, an elbow room so that kami, tayo na nasa gobyerno we will still be able to serve without compromising the health po ng ating mga kawani ng gobyerno, Ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Commissioner, mayroon pong kumakalat na mensahe online kung saan inanunsiyo diumano ni Pangulong Rodrigo Duterte noong May 1, 2020 na lahat umano ng mga civil service examinees, both professional level and sub-professional level, ay automatic na daw pong ipapasa. Maaari po ba ninyo itong liwanagin sa ating mga nanunuod at nakikinig at

ano po iyong nais ninyong sabihin sa mga nagpapakalat po ng ganitong uri ng balita, or maituturing ba itong fake news?

**CSC COMM. LIZADA:** Ito po ay 101% fake news, kasi kinakailangan po ang pagpasok po sa gobyerno ay based on merit and fitness. Sa mga kumakalat po na mga ganiyang mga news po, kayo po ay aming iniiwasan, kasi kung sa ngayon pa ho ay hindi na kayo nagsasabi ng totoo or you are spreading fake news, ano pang klaseng kawani ng gobyerno ang magiging— what kind of government servant will you become if at this early stage, you do not verify. Sa lahat ng kawani ng gobyerno and even to all sa public, before you share anything, check out your source and verify. Kasi baka mas lalo lang kayong dumadagdag doon sa confusion or kalituhan. So before you share anything, you have a corresponding responsibility and duty to check your resources, verify your resources. Fake news po!

**SEC. ANDANAR:** Kamakailan ay nag-anunsiyo ang Civil Service Commission kaugnay sa suspension ng applications for August 2020 Civil Service examination, Kailan po maaaring asahan ng ating kababayan ang pagre-resume ng mga applications at examinations?

**COMM. LIZADA:** Salamat ho, Secretary Andanar. Kami rin ho we are looking forward because that is one of our core functions sa CSC – to give out iyong Civil Service exams. Nakasanayan ho natin ang twice a year pen and paper test exam which involves 250,000.

Pero mayroon din hong mga ilan-ilang regions din po na nagko-computerize examinations so our office po particularly iyong aming ERPO (examination recruitment and placement office).

We need to restructure our twice a year exam at baka ho we might go monthly, depende ho sa ating kakayahan ng mga regions and then likewise for the computerized exams po we need to strengthen our computerization exams because some of the regions po ay mahina iyong network nila but we are on it.

We need to give out the Civil Service exams the soonest possible time, inaayos lang po namin iyong the structure, sir, of how to do it because kailangan hong online na tayo mag-file kasi dati ho physical handling of paper, hindi na ho. We are thinking of online filing, online na lahat na po ang to take the exams, not the exams proper but the process of applying for the exam.

Please bear with us, we are restructuring the how many years of pen and paper exam na twice a year po. Medyo hintay-hintay lang po nang kaunti but we are working on it, sir.

**SEC. ANDANAR:** Commissioner, ma'am, ano po ang inyong mensahe para sa mga government workers? Please go ahead.

**COMM. LIZADA:** Sa lahat ho ng mga kawani ng gobyerno, lahat ho ginagawa na ho ng CSC to protect you. To protect you so that you will be able to fully serve; which is our main mandate, to fully serve the public.

More than ever, it is now that the public needs us. So, kailangan ho iyong sebisyo natin kung dati ho ay 100%, lampasan pa ho natin. Ayusin ho natin iyong pagsagot, let us give them prompt service kung mayroon silang ini-email or tini-text sa atin, sagutin ho natin kaagad because now they need us more than ever.

Kami ho sa CSC, we will continue to find ways and means to protect you as you serve.

To the 1.9 million government employees, lahat ho tayo we are here for a reason at nagpapasalamat ho tayo na may trabaho po tayo at sinusuwelduhan ho tayo. Ayusin ho natin iyong pagserbisyo natin sa mga tao. Let us give true the definition of what truly is public service sa mga tao po, gawin ho natin iyong nararapat.

Tayo ho ay may pananagutan sa isa't-isa, it is not only government, lahat ho tayo we need to work together. So as we report for work, as we do skeleton force, let us bear in mind the public needs us more than ever now.

Magandang umaga po.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, CSC Commissioner Aileen Lizada.

At upang kumustahin naman ang kasalukuyang lagay ng ating mga kababayan sa Dubai, makakausap natin si Consul General Paul Cortes, ang atin pong konsulado nandiyan po sa Dubai. Magandang araw po sa inyo, Consul!

**CONGEN. CORTES:** Magandang araw din po ulit sa inyo, Secretary Martin, USec. Rocky! Again, it's nice to be part of this program po ulit. Salamat.

**SEC. ANDANAR:** It's great seeing you once again, Consul. As of May 29, nasa mahigit 32,000 na po ang naitatalang kaso ng COVID-19 sa UAE. Sa huling pag-uusap natin dito ay nasa 23 sa mga kababayan natin ang nasawi dahil sa COVID-19. Kumusta na po ang lagay ng ating mga kababayan diyan?

**CONGEN. CORTES:** Well, Sec. Martin, nagbukas na po kasi ang Dubai uli, ang ekonomiya niya effective two days ago, May 27, pagkatapos po ng Eid holidays.

At nagkaroon na ho ng mas maraming pagbubukas hindi lamang sa mga entertainment industry pati na rin sa mga tourism sites kung saan maraming-marami sa mga kababayan natin ang employed kung kaya't noong time na COVID lockdown eh they were no work no pay pero ngayon nagbubukas na po uli ang Dubai, so, kasama na rin po iyong mga kababayan natin.

Pero tama ho iyong sinabi po ninyo, as of yesterday 32,000 ho ang naitalang COVID positive dito ho sa UAE pero the UAE officials attributed this sa malawakang testing po. So, talagang mass testing po, in fact, almost 15 to 20% ng buong ten million ho ang kanilang nai-test na.

At noong nakaraang linggo, halos 40 na rin po iyong mga kababayan natin na sadly ang nasawi ng COVID-19 at patuloy pong pinaiigting naman ng gobyerno dito ang kanilang sterilization policy. Although iyong kanilang curfew lalo na sa Dubai ay na-move ho mula alas onse ng gabi hanggang ala sais ng umaga dahil ito ho iyong time na nag-ii-sterilize sila sa lahat ng public places at ganoon na rin po iyong ibang emirates.

So, while nagbukas na ho ang Dubai at ang Sharjah at the rest of the other emirates dito sa UAE, nandoon pa rin ho ang sterilization program kung kaya't sinasabi rin ho ng gobyerno dito although movement restrictions have been eased out, medyo maluwag, puwede maglakad, puwede pumunta sa mga malls eh nandiyan pa rin ho ang virus kung kaya't kailangan may precautions pa rin at iyon ang palagi nating sinasabi din sa mga kababayan natin dito sa Dubai na to keep in mind lalong-lalo na siyempre gusto nating panatilihin iyong morale at saka protection ng ating mga kababayan dito po.

**SEC. ANDANAR:** Kumusta naman po iyong pamamahagi natin ng cash assistance para sa mga kababayan natin diyan sa Dubai?

**CONGEN. CORTES:** Sige po. According to the statistics ng ating Philippine [Overseas] Labor Office, halos 75,000 na po ang nagpadala ng kanilang mga applications since April 10. So, itong 75,000, ang mabibigyan po, ang budget allocation ay 17,000 para sa Dubai at patuloy pong nag-a-accept ng applications ang ating labor office, ang ating POLO at the same time, patuloy din po silang nagdi-distribute, nagbibigay ng kanilang one-time cash assistance sa mga qualified po.

So, as of now, may mga 7,000 na ang nabigyan ng cash assistance at iyong iba kasi ho, iyong mga submissions eh incomplete iyong submission nila at ini-evaluate isa-isa, medyo mabusisi at medyo voluminous kasi ho iyong mga ibinibigay na documentation kung kaya iniisa-isa ang mga ito at pinagsisikapan naman ng ating POLO, ng ating labor office, iyong pag-evaluate at pag-aaral—para ma-evaluate at para mabigyan na kaagad ng decision iyong kanilang mga applications.

Pero rest assured ho na ang ating POLO at ang lahat ng mga ahensya dito ho sa—ng Philippine Consulate eh full force po when it comes to trying to help our kababayan.

Iyong DSWD po natin, iyong ating social welfare attaché naman, eh, nagbibigay din ng ayuda lalong-lalo na sa mga kababayan nating undocumented. In fact, may mga grocery relief din po siya at saka may mga cash assistance din pong ibinigay ang ating social welfare attaché sa mga nangangailangan di ho.

Ang ating Overseas Welfare Workers Association o ang OWWA, ganoon din po ang kanilang programa na patuloy na nagbibigay ng grocery relief sa mga kababayan nating humihingi ng tulong.

Marami pa rin ho sa ating mga kababayan ang no work no pay, ito naman ho kasi iyong mga hindi nasakop din na—may mga opisina pa na hindi pa nagbubukas at may mga opisina din na nagsara na. Pero ang hope po ng ekonomiya dito eh mag-slowly magbukas ang mga opisina, ang mga establishments para makabalik sa mga trabaho ang mga tao para makabili sila ng kanilang mga basic necessities.

At kung sakali man ho mayroon silang kailangan eh nandito po ang konsulado at ang buong kawani ng gobyerno dito, ang DSWD, ang POLO at ang Consulate para tulungan ang mga kababayan po natin for whatever assistance they may need po.

**USEC. IGNACIO:** Consul, sa mga kababayan po natin na magbabalik sa Pilipinas, ilan ba iyong inaasahan natin na darating po sa mga susunod na araw at paano po natin sila binibigyan ng assistance hanggang po sa makarating sila sa paliparan o sa mga airport?

**CONSUL GEN. CORTES:** Salamat po, Usec. Rocky. Sa ngayon po, itong buwan ng Mayo medyo marami-rami pong mga flights ang nakansela dahil po sa mga restrictions natin back home. So may Emirates, may Etihad, may Gulf Air, may mga ibang flights na magdadala ng mga kababayan natin back home kung kaya't dahil sa restriction eh kinailangan magkansela. Dahil nga dito, may mga konting na-stranded po na mga kababayan natin pero unti-unti pong nagpapadala ho, nagbibigay ho ng slots ang ating mga authorities para sa mga airlines from the UAE para makauwi na rin iyong ibang kababayan natin.

So, so far may flight noong May 24, 26, 27 at saka bukas ho, May 30, ang Emirates at Etihad, para dalhin iyong mga kababayan natin na stranded. Pero at the same time, mayroon din hong mga dalawanlibo o tatlonglibo na nagbigay ho ng interes, nagpadala ng interes sa Consulate na nagsabing gusto na nila hong umuwi. Pero this was before nagsimulang magbukas po iyong mga establishments dito, so kailangan po natin balikan ho iyong mga listahan natin at kausapin din natin uli iyong mga kababayan natin at tanungin kung talagang gusto po nilang bumalik ho sa Pilipinas at this time.

Pero siyempre din ho marami din ho iyong mga nagkaroon ng tickets at hinihintay din po iyong mga Emirates at Etihad airlines at Gulf Air na ma-resume at ma-rebook iyong kanilang mga flights. And this is contingent po, siyempre kasama rin ho ito sa decision making sa ating Inter-Agency Task Force back home kung—para sa mga number of slots na dadalhin nila para sa mga flights coming from the UAE.

So hinihintay din po natin ang, you know, declogging ho back home at iyon nga po iyong sinasabi kanina ni General Eleazar, na iyong mga kababayan natin na pupunta sa mga probinsiya na nandoon pa sa Maynila eh unti-unti hong pinapayagan na pong umuwi at binibigyan po ng tulong para makabalik sa kanilang mga LGUs. Hopefully dahil dito ay mas marami pa hong mga kababayan natin from all over the world ang puwedeng umuwi na at mabigyan po iyong mga slots ng Civil Aviation iyong kani-kanilang mga flights from their respective places to the Philippines.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, kunin ko na lang po iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan na nandiyan po sa Dubai ngayon.

**CONSUL GEN. CORTES:** Maraming salamat po uli. Mga kababayan po natin dito sa Dubai at Hilagang Emirates at siyempre sa buong United Arab Emirates po, kasama po ang Philippine Embassy, sa pamumuno ni Ambassador Joey Quintana, ako po si Consul General Cortes, would like to assure iyong mga kababayan natin, na nandito po ang ating konsulado at embahada para tulungan iyong mga kababayan; tutulungan kayo kung anuman iyong mga kailangan ninyo.

Kaunting pasensiya lang po kasi siyempre medyo marami-rami po minsan ang dagsa ng mga assistance. Pero hindi lang po ang DFA, nandito rin po ang POLO, nandito ang social welfare attaché natin para magbigay ng po—ang OWWA, para magbigay po ng kaniyang ayuda para sa mga kababayan natin. Bukas na bukas po ang ating linya para sa inyo. Tulad po nang nasabi ko earlier, ang pinakamainam na way to communicate with us is to send us a WhatsApp message kasi dahil doon puwede natin i-record at puwede tayong magkaroon ng recorded conversation. Kung ano ho iyong kailangan nila at kailangan ninyong tulong at kung ano iyong maibibigay po ng konsulado at ng embahada.

Pero nandito po kami, email din po kami; we've given our emails po, nasa website po namin, nasa Facebook pages po namin. Pero rest assured nandito po kami para sa inyo, naririnig po namin ang mga hinihingi ninyong tulong at ayuda at assistance. Salamat po uli...

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa inyong oras, Consul General Paul Raymond Cortes ng Philippine Consulate sa Dubai. Salamat po...

**CONSUL GEN. CORTES:** Salamat po.

**SEC. ANDANAR:** Sa kabila po naman ng pagpapatupad ng community quarantine sa bansa, marami sa ating mga kababayan ang na-stranded sa Metro Manila at kabilang na riyan ang ating mga kababayang indigenous peoples. Kaya naman upang alamin ang update diyan, makakausap natin si Jennifer Pia Sibug-Las, Commissioner for Central Mindanao National Commission on Indigenous Peoples at NCIP Commissioner Gaspar Cayat. Magandang araw po sa inyo.

**COMMISSIONER CAYAT:** Magandang araw din po sa inyo.

**COMMISSIONER SIBUG-LAS:** [overlapping voices] Secretary Andanar, Usec. Rocky at sa lahat po ng mga nanonood lalung-lalo na po sa aming mga kapatid na katutubo.

Ang National Commission on Indigenous Peoples na pinamumunuan ni Secretary Allen Capuyan, bilang tugon sa mga hinaing ng ating mga katutubo na stranded dito sa Metro Manila at sa mga nalalapit na mga probinsiya ay nagbuo ng isang task force na ang tawag natin ay Oplan Bayanihan for Stranded IPs upang maramdaman po ng ating mga kapwa katutubo

na may ahensiyang nagmamalasakit sa kanilang kapakanan lalung-lalo na po sa pandemic crisis na ito.

Katuwang po natin dito ang DSWD, ang DILG, ang AFP, ang Philippine Air Force, ang BFP, ang PNP at ang iba't-ibang civil society groups at private companies. Nandiyan po ang Queen of Hearts Foundation, ang The Good Samaritans, MRRD1 Marikina, Lions Club, Hotel Sogo, through CSR program, iyong kanilang SOGO Cares, and then nandiyan din ang AFP Malasakit and Humanity as well as iyong JCI Philippines.

So ito po, nabuo po namin itong programang ito dahil marami po kaming natatanggap na mga reports na marami po sa ating mga katutubo [garbled]. Sa definition namin ng stranded at iyong mga [garbled] na hindi po nakauwi sa kanilang mga tahanan at saka sa respective localities nila. Second, iyong ating mga Overseas Filipino Workers na applicants who were not able to fly, whose flights were cancelled because of the lockdown. Ang pangatlo diyan ay iyong ating mga manggagawang katutubo na naapektuhan po siya, no-work, no-pay basis na sitwasyon.

And so, ang [garbled] upang matugunan ang kanilang pangangailangan lalung-lalo na po na iyong sa ngayon na wala po silang means, wala po silang pinagkakakitaan ay binigyan po namin ng ayuda bawat isa po sa kanila. And we already have located actually 3,121 stranded IPs here in Metro Manila. However dahil po sa mga challenges like we have to personally go to their respective—iyong kung saan po sila. Eh nahihirapan din po kami dahil siyempre iisa-isahin po namin kung saan sila nakatira. And then secondly, ang nasi-serve pa lang po namin of the moment is 937, so mayroon pa kaming 2,184 na un-served stranded IPs.

Nagpapasalamat naman po kami dahil sa aming mga katuwang na mga organisasyon na patuloy po ang pagtulong sa amin sa pagdi-distribute po ng ayuda na binigay din po ng ating Department of Social Welfare and Development. Gaya niyan, iyong nakikita ninyo po sa [garbled] mayroon kaming binigay na [garbled] kits at saka mga food packs. Ang next ayuda namin ay iyon naman iyong galing sa SOGO Cares, as well as iyong mismong galing na po sa National Commission on Indigenous Peoples.

So kami ngayon, hanggang ngayon the number of stranded IPs, iyon 'yung reported sa amin are growing every day. So nagpapasalamat po kami na binigyan kami ng pagkakataon dito sa inyong istasyon, sa inyong programa na mailatag din po namin na nandito po ang National Commission on Indigenous Peoples, lagi pong handa na tumulong po sa aming kapatid na mga katutubo dahil mandato po namin ito. Maraming salamat, Secretary.

**USEC. IGNACIO:** Doon po sa kanilang pag-uwi, paano po natin sila bibigyan ng assistance or ito po ba ay libre, iyon pong travel expenses nila or itsa-charge po sa kanila, Commissioner Cayat?

**COMMISSIONER CAYAT:** Actually—unang-una salamat Secretary Martin Andanar, Usec. Rocky at sa lahat ng mga kasamahan natin diyan at sa lahat ng mga nakikinig. Iyong konting

assistance na manggagaling po sa NCIP ay hindi sapat o kasya kaya po nakikipagtulungan po kami sa AFP, sa DOTr at ibang mga ahensiya ng gobyerno para po matulungan po natin iyong mga kapatid natin na mga indigenous peoples na umuwi sa kanilang probinsiya.

So ang sinasabi po natin dito, kailangan po talaga makipagtulungan sa different departments pati nga po iyong mga NGOs na tumutulong sa ating mga stranded na IPs diyan sa Manila ay sila rin po ay nakikipag-coordinate po sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Go ahead, sir.

**COMMISSIONER CAYAT:** At ang isa pong ginagawa ng ating opisina ngayon ay tumutulong sa ating mga kasamahan na mga indigenous peoples dito po sa farming or production areas at hanggang doon sa marketing ng kanilang produkto.

Alam po ninyo, ang karamihan po ng mga indigenous peoples ay kasama sa vulnerable sector. Sila po, kapag minsan ay pinagsasamantalahan ng mga tinatawag natin na mga communist terrorist groups. In fact, sila po iyong sinasakyan at karamihan ng mga nandiyan sa NPA, according to intelligence, 75 to 80% ay galing po sa mga indigenous peoples dahil po mahihirap ang karamihan sa amin dito sa mga liblib na lugar. At ito, sa COVID program na ito, tinutulungan po sila, tinutulungan po natin sila para po maibenta ang kanilang mga produkto.

At sa pamamagitan po ng tulong ng ating mga local government units at ibang opisina ng gobyerno o sangay ng pamahalaan po natin, tayo po ay tumutulong sa kanila. Kung may mga nakikita po kayo na mga ibang grupo or munisipyo dito sa Cordillera, halimbawa, o kaya sa Visayas and Mindanao na ayaw nilang tanggapin ang sinasabi natin na SAP, mayroon kasi tayong prinsipyo as indigenous peoples na kung kaya nating mabuhay o kaya nating tulungan iyong mga kasamahan natin na indigenous peoples, hindi kailangan na tanggapin iyong Social Amelioration Program o iyong tulong ng gobyerno.

Kaya kapag minsan sabi nila, karamihan ng mga indigenous peoples ay nahihirapan eh bakit ayaw pa nilang tanggapin? Mayroon po kasi kaming, say paniniwala – halimbawa, ang local term na "inayan" na hindi mo basta tanggapin kung alam mo na kaya mong kumain, kaya mong tulungan ang iyong mga kasamahan na indigenous peoples. Kaya po mayroong ganoon na istorya o paniniwala ng indigenous peoples.

So again, iyon po iyong ginagawa natin ngayon na tulong dito sa IATF on food security program ng gobyerno. Ito po ay isang—tinutulungan ng … o sinamahan ng ating opisina at tinutulungan po natin ang mga indigenous peoples sa kanilang marketing ng produksiyon sa farm, kaya iyong mga fisher folks ay naibenta ang kanilang mga huling isda.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Salamat po sa paliwanag, Commissioner Cayat. Pero since wala pong sapat na resources iyong atin pong mga stranded IPs, libre na po ba iyong medical certificate na iniisyu sa kanila? At paano po natin masisiguro na sila nga po ay talagang iyong tinatawag natin na mga na-stranded? May mga requirement po bang hinihingi pa sa kanila?

**COMMISSIONER CAYAT:** Mayroon po kaming documentation or profiling kung talagang entitled po sila sa mga program or suporta ng gobyerno kagaya ng sinasabi ninyong libre na certification or fees. Eh kung kaya natin at iyon ang niriremedyuhan natin sa opisina ay dapat nga naman silang malibre doon sa mga fees ng certification na iyan, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Commissioner Cayat, sa ngayon po ay mga nag-a-apply rin ba sa kanila iyong Balik Probinsya, Bagong Pag-asa Program? At ano po iyong status kung mayroon pong nag-apply sa kanila?

**COMMISSIONER CAYAT:** Yes, mayroon po, Usec. Diyan sa Maynila, iyong opisina po natin ay ginagawan ng profiling iyong mga stranded na mga IPs diyan para po sila ay ma-assist na umuwi sa kanilang mga probinsiya. At ang opisina natin, kagaya ng sinabi kanina ni Commissioner Jenny, ay tumutulong para maayos ang kanilang mga documentation, and then iyong transportation allowance or paano sila maibalik sa kanilang mga probinsiya.

**SEC. ANDANAR:** Para sa iba pa nating mga kababayan na may concerns, paano nila kayo makukontak, sir?

**COMMISSIONER CAYAT:** Doon po sa central office po natin at pati ako, being the chairman of the command center, puwede po akong makontak diretso with my cellphone number – 0917-5071965. Iyan po ang puwede nilang tawagan para po idiretso ko sila sa aming task force sa central office.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon Jennifer Pia Sibug-Las, regards po kay Jayson – si Ma'am Pia po ay NCIP Commissioner for Central Mindanao. At maraming salamat din po Commissioner Gaspar Cayat ng National Commission on Indigenous Peoples. Mabuhay po kayong dalawa.

**COMMISSIONER CAYAT:** Salamat po. Salamat din, Secretary Andanar at Usec. Rocky, thank you very much.

**COMMISSIONER SIBUG-LAS:** Thank you very much. Daghang salamat.

**SEC. ANDANAR:** Thank you, ma'am. Makakausap po natin sa kabilang linya ang ating kasamahan sa Department of Health, Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Magandang araw po sa inyo, Usec.

**USEC. VERGEIRE:** Good morning po, Sec. Andanar.

**SEC. ANDANAR:** Usec., kahapon po ay naitala ang mataas na kaso ng positive sa COVID-19 sa bansa, ano po ang inyong masasabi dito?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Atin pong kinaklaro, nagpalabas po tayo ng statement kagabi na ito pong mga numerong pumasok sa atin ay due to our aggressive validation at this point. So marami po diyan, most of the cases are cases from the previous days and not really from yesterday.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong patuloy ang pagdami ng mga naitatalang kaso, ano po ang masasabi ninyo sa darating na Lunes ay sasailalim po tayo, ang Metro Manila – under GCQ – na may pinakamaraming kaso ng COVID-19? Ano ba ang nakikita ninyong maaaring maging epekto sa pagbabago po ng ating ECQ to GCQ?

**USEC. VERGEIRE:** Yes, sir. Katulad ng lagi nating sinasabi, tayo po ay nag-shift man tayo sa iba't-ibang antas ng community quarantine, ang buong Pilipinas pa rin ay naka-community quarantine. So kailangan pa rin ho nating sundin ang mga pamantayan or measures na sinasabi natin para makaiwas tayo sa sakit.

Ito pong mga kaso na atin pong nararanasan for these past days ay magtutuluy-tuloy pa rin ho kahit po sa mga darating na araw dahil nagba-validate po tayo ng ating mga numero, at papasok po nang papasok ang mga kaso from the previous days. So ang kailangan lang lagi nating tandaan po sir, na atin pong tingnan po lagi kung ano po iyong nakikita natin for our health system, iyong kapasidad natin. Now, we are really still marami pa hong available na hospitals and facilities. Pangalawa po, iyong numero po ng mga kaso natin, katulad ng sabi ko, this is the number of validated cases ang pinapakita natin.

Iyong number ho na totoo, iyong actual numbers per day, iyan po ay ipapakita natin mamayang hapon sa presser natin. Dito ho natin ipapakita iyong graphs natin based on the onset of illness.

So atin lang pong tandaan na lagi lang ho tayong... to remain vigilant, and hopefully po ito pong ating mga numero ay magkatugma-tugma na in the coming days.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Usec. Vergeire, base po sa inyong obserbasyon, may posibilidad po ba na muling ibalik ang ilang mga lugar sa ECQ kung patuloy pong dadami ang kaso ng COVID-19?

**USEC. VERGEIRE:** Iyan naman po ay laging nandiyan, nakaabang ho iyan kung sakali. That is a measure of government na kung sakaling may makikitaan tayo nang totoong pagtaas ng mga kaso sa bawat lugar, maaari po nating ibalik iyang mga sinasabi nating mga stricter measures for community quarantine; Iyan po ay pag-aaralan ng ating mga eksperto at pagdidesisyunan ng IATF natin.

**USEC. IGNACIO:** Usec., kamakailan ay nasa 255 tricycle drivers mula po sa Mandaluyong ang nagpositibo sa COVID-19. Ano po ang naging tugon ng DOH tungkol dito at kumusta po iyong contact tracing?

**USEC. VERGEIRE:** Usec., tayo nga po ay pina-iigting natin ngayon ang contact tracing dahil nga po dito sa mga mass testing na ginagawa ng ating mga local governments. Gusto ho nating i-supplement iyan with the strengthened na contact tracing. Kaya nga po ngayon ay magha-hire po nang mas madaming contact tracers ang ating mga local government units para po sa ganoon, lahat po ng maa-identify natin na mga suspetsang kaso ng COVID-19 ay mababantayan din natin pati na po iyong mga na-expose sa kanila.

**SEC. ANDANAR:** Marami sa ating mga kababayan ang nangangamba para sa mga posibleng asymptomatic patients. Paano ba tinutugunan ng DOH ang usapin para sa mga asymptomatic? Hind po ba maaari din silang makahawa nang hindi nila nalalaman?

**USEC. VERGEIRE:** Base po sa ating mga eksperto, Sec., ang sinasabi, wala pa hong ebidensiya sa ngayon – totoong ebidensiya, na ang asymptomatic ay nakakapanghawa. Almost about 85% ho ngayon ang sinasabi, ang nakakapanghawa talaga ay iyong may mga sintomas. Katulad na nga kasi sila ay umuubo, sila ay bumabahing at naililipat nila itong droplets sa ibang tao.

Ngunit hindi naman natin isinasantabi iyang mga obserbasyon na iyan at atin din pong binabantayan. Kaya nga po doon sa ating subgroups na ating mga tine-test para po dito sa COVID-19, kasama po iyong mga asymptomatic na na-exposed dito po sa ating mga kaso ng COVID-19 para po mas mabantayan natin na hindi kakalat ang sakit sa community.

**SEC. ANDANAR:** Ano na lamang po ba ang paalala ninyo sa ating mga kababayan ngayong maraming mga lugar ang sasailalim sa GCQ at MGCQ?

**USEC. VERGEIRE:** So, ang tatandaan lang ho natin, sa ating mga kababayan, Sec., atin pong i-embrace ang new normal. Ito pong new normal na ito, mayroon ho tayong mga sinabing mga minimum public health standards na kailangang ipatupad para tayo ay mas maging ligtas kung saka-sakaling napunta na nga ho tayo doon sa mga lugar na may mga general community quarantine at maaaring lumabas ang ibang sektor ng mga tao.

So, ito hong minimum public health standards na ito ay magsisiguro sa atin na tayo pa rin ay magpapatupad ng mga physical distancing measures, iyong ating personal protective measures, iyon pong mga measures po na isasagawa rin ng ating mga kompanya kapag babalik sa trabaho ang ating mga empleyado at iba pa.

So, ito lang ho ang ating pinapaalala na hindi pa ho tapos ang ating laban sa COVID-19 kahit na naging GCQ na tayo. Nandiyan pa rin ho iyong banta, kailangan pa rin ho nating maging vigilant, kailangan pa rin nating mag-ingat.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Usec. Vergeire. Mag-ingat po kayo, ma'am.

**USEC. VERGEIRE:** Thank you very much po, sir.

**SEC. ANDANAR:** Alamin po natin ang pinakahuling balita sa probinsiya ng Davao. Maghahatid ng ulat si Jay Lagang

[NEWS REPORT BY JAY LAGANG]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Jay Lagang ng PTV Davao.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, puntahan din natin ang ating kasamahan na si John Aroa, live mula naman sa PTV Cebu.

[NEWS REPORT BY JOHN AROA]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, John Aroa ng PTV Cebu. Samantala, mula sa Cebu, puntahan natin ang PTV Cordillera - may ulat si Breves Bulsao.

[NEWS REPORT BY BREVES BULSAO]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat, Breves Bulsao ng PTV Cordillera.

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito, dumako naman tayo sa pinakahuling ulat mula sa iba't-ibang lalawigan sa bansa. Makakasama natin mula sa Philippine Broadcasting Service – Czarinah Lusuegro.

[NEWS REPORT BY VERNA BELTRAN]

[NEWS REPORT BY GREG TATARO JR]

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, Czarinah Lusuegro.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, dumako naman tayo sa pinakahuling update patungkol sa COVID-19 sa bansa.

As of 4P.M. kahapon, May 28, mayroong naitalang 539 cases sa Pilipinas, ito po ang naitalang pinakamalaking kaso ng COVID-19 kumpara noong mga nakaraang araw. May kabuuang bilang na po na 15,588; at 921 naman po ang nasawi ngunit umabot na po sa 3,598 ang bilang ng mga gumaling sa sakit.

At iyan po ang aming mga nakalap na impormasyon.

Muli, nais nating pasalamatan ang mga nakasama natin sa programa, pati na rin po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19, maraming salamat po sa inyong walang sawang paglalaan ng oras para sa ating mga kababayan. Mabuhay po kayo.

**SEC. ANDANAR:** Ang Public Briefing ay hatid po sa inyo ng iba't-ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health (DOH) at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

**USEC. IGNACIO:** Sa gitna ng krisis na ating kinakaharap, hindi lamang po frontliner ang may malaking papel sa labang ito, lahat tayo ay may magagawa upang makatulong sa paglaban natin sa COVID-19 pandemic. Mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako po si Usec. Rocky Ignacio...

**SEC. ANDANAR:** Sa ating pagbabayanihan, malalampasan po natin ang pagsubok na ito. Together we heal as one, ako po si Secretary Martin Andanar. Magkita-kita po tayo muli bukas dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*